

ACTIVITY


A. Kumpletuhin ang crossword puzzle. Gamitin ang mga salita na nasa kahon.

Pahalang:

2. hinandog ni Abraham kapalit ng kanyang anak
3. gamit na panghiwa, dala ni Abraham
7. ginawa ni Abraham kung saan ipinatong ang kanyang handog sa Diyos
9. gamit panggatong sa handog na susunugin

Pababa:

1. bahagi ng ulo ng lalaking tupa na napasabit sa mga sanga ng kahoy
4. ama ni Isaac
5. kaisa-isang anak ni Abraham
6. dala ni Abraham na gamit pangsunog
8. pinagkaloob ng Diyos kay Abraham bagamat matanda na



Isaac sungay patalim Abraham
 kahoy anak altar apoy

B. Sagutin ang mga tanong.

1. Ano ang inihanda ni Abraham na kanyang dadalin sa kanyang paglalakbay?

2. Ano ang pinapagawa ng Diyos kay Abraham?

3. Natuloy ba ang paghahandog kay Isaac? Ano ang nangyari?

4. Ano ang dahilan kung bakit pinagawa ng Diyos kay Abraham ang paghahandog ng kanyang kaisa-isang anak?

5. Handa ka rin ba sumunod sa Diyos gaya ni Abraham kahit napakahirap ng Kanyang pinapagawa sa iyo?

Ang pagtitiwala sa Diyos, sa Kanyang salita at pangako ang tutulong sa atin upang tayo ay makasunod sa Kanyang mga utos. Dahil tapat ang Diyos, hindi kailanman magbabago ang Kanyang pangako. Ito ang pinanghawakan ni Abraham kaya siya nakasunod sa inutos sa Kanya ng Diyos. Ang mga batang tulad natin ay dapat na matutong magtiwala sa Diyos, sa Kanyang salita at panghawakan ang Kanyang mga pangako upang makasunod din tayo sa anumang iutos sa atin ng Diyos na gawin natin gaano man ito kahirap gaya ng halimbawa na ipinakita ni Abraham.



C. Basahin ang sitwasyon at sagutin ang mga tanong.

Katatapos lang umattend ng Sunday School ng magkaibigang Jonel at Billy. Habang sila ay naglalakad pauwi pinag-uusapan nila ang kuwento ni Abraham na kanilang natutuhan kanina.

Jonel: *Grabe ang pagsubok na binigay ng Diyos kay Abraham. Kung ako siguro yun parang hindi ko kakayanin gawin iyon.*

Billy: *Oo nga. Talagang kailangan matibay ang paniniwala mo sa Diyos para masunod mo Siya. Ikaw ba, alin sa mga natutuhan natin na sinabi ng Diyos na gawin ang nahihirapan kang sundin?*

Jonel: Ah, naaalala mo ba nung tinuro sa atin ni teacher yung sa Luke 6:26-37? May bahagi doon na sinasabing mahal natin ang ating kaaway at gawan ng mabuti yung mga napopoot sa atin. Minsan pag naaasar ako kay Gilbert, yung kaklase natin yan ang lagi kong iniisip. Pinapaalalahanan ako lagi ng verse na ito na hindi ko siya dapat patulan o gantihan. Sa halip, maging mabait pa rin ako sa kanya.

Billy: Pareho pala tayo. Buti na lang natutuhan natin iyan. Mahirap gawin minsan pero iyan ang mabuti at tamang gawin.

Mga tanong:

- Anong utos ng Diyos ang minsan ay mahirap gawin para kila Jonel at Billy?

- Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit nagagawa nilang sundin ito kahit mahirap?

- Ikaw, alin sa mga inuutos ng Diyos ang mahirap para sa iyo na sundin?

Kahit bata pa tayo, magagawa nating sumunod sa mga utos ng Diyos kung tayo ay magtitiwala sa Kanya at sa Kanyang salita gaya na lang ng magkaibigang Billy at Jonel. Lagi nating hingin ang tulong ng Diyos na maisabuhay natin ang mga natutuhan nating salita Niya.



D. Memory Verse

Dahil sa pananampalataya, handang ihandog ni Abraham ang kaisa-isa niyang anak na si Isaac nang subukin siya ng Diyos. **Hebreo 11:17a**